

Mga COVID-19 na Bakuna: Mga Katangunan na Madalas Itanong

Ang manwal na ityo ay nagbibigay ng tamang medikal na impormasyon upang matulungan kang gumawa ng isang may kaalamang impormasyon. Ito ay nirepaso ng mga doktor. Ito ay ang pinaka napapanahong impormasyon mula Marso 2021.

Ang mga bakuna ba ay sinubukan sa mga taong may kulay o ibang mga grupo ng minoridad?

Ang mga pag-aaral sa bakuna ay nagkaroon ng 20% hanggang 38% na mga taong may kulay at iba pang mga minoridad.

Dapat ba akong kumuha ng ikalawang iniksyon ng bakuna kung ako ay mayroong banayad na mga hindi kanais-nais na epekto?

Oo! Ang mga banayad na hindi kanais-nais na epekto ay nangyayari sa maraming mga tao. Kailangan mo ng dalawang iniksyon para sa lubos na proteksyon – ang **isang dosis ay hindi nagbibigay sa iyo ng sapat na proteksyon**. Kung ikaw ay nagkaroon ng isang masamang reaksyon, kung gayon ay pinakamahusay na makipag-usap sa iyong medikal na propesyunal tungkol dito.

Mayroon akong masamang mga alerhiya, dapat ba akong kumuha ng bakuna?

Kung ikaw ay allergic sa mga sangkap ng bakuna o nagkaroon ng isang masamang reaksyon sa iba pang bakuna noon, kung gayon ay hindi ka dapat na kumuha ng bakuna. Kung ikaw ay nagkaroon ng masamang mga alerhiya sa ibang mga bagay (pagkain, mga gamot), kung gayon ay **makipag-usap sa iyong medikal na propesyunal**.

Paano gumagana ang pagsasagawa ng bakuna at sino ang unang makakakuha ng bakuna?

Kami ay may isang grupo (“task force”) na mangangasiwa sa iba-ibang mga yugto ng pagsasagawa ng bakuna. Ang mga maaaring matinding magkasakit mula sa COVID-19 ang unang makakakuha ng bakuna: ang mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan, ang mga nasa pangmatagalang pangangalagang bahay, atbp. Ang susunod na yugto ay kabibilangan ng mga taong may mga isyu sa kalusugan at mga mas matatandang tao. **Sa yugto 3, lahat ng mga taong gusto ng isang bakuna ay makakakuha ng isa.**

Gumagana ba ang mga bakunang ito para sa mga taong lampas sa edad na 65 taon?

Kapwa ang mga bakuna ng Pfizer-BioNTech at Moderna ay nagpakita ng magkatulad na proteksyon sa mga taong mahigit sa 65 taong gulang kagaya ng ginawa nila sa mga mas nakababatang tao: Ang **Pfizer-BioNTech ay nagbigay ng 95% kakayahang lumaban sa sakit, habang ang Moderna ay mayroong 86%** kakayahang lumaban sa sakit para sa mga pasyente na mahigit sa 65 taong gulang.

Makakakuha ba ako ng COVID-19 mula sa bakuna?

Ang mga bakuna ay hindi “buhay” – nangangahulugan ito na ang mga ito ay walang anumang virus sa kanila, kaya **hindi maaari ang mga itong maging sanhi ng impeksyon sa iyong katawan.**

Kailangan ko pa bang magsuot ng isang maskara pagkatapos makakuha ng aking bakuna? Bakit?

Oo. Mayroong maliit na pagkakataon na ikaw ay maaari pa ding magkasakit mula sa COVID-19 at pagkatapos ay maibigay ito sa mga iba. **Kailangan mo pa ding magsuot ng isang maskara at tiyakin na ikaw ay panlipunang nagdidistansiya pagkatapos na makakuha ng bakuna.**

Mayroon ba kaming maraming impormasyon tungkol sa mga hindi kanais-nais na epekto?

Ang mga pag-aaral na ginawa ay nagpakita ng mabuting mga resulta, na mayroong **kaunting mga seryosong hindi kanais-nais na epekto.** Ang karamihan sa mga hindi kanais-nais na epekto ay nagyayari sa pagitan ng 2-3 mga araw pagkatapos na makakuha ng bakuna at hanggang 6 na linggo pagkatapos. Nang natapos ang mga pag-aaral, kanilang **sinuri ang mga tao ng hanggang 2 buwan pagkatapos na sila ay makakuha ng mga bakuna.**

Ano naman ang tungkol sa pangmatagalang mga hindi kanais-nais na epekto?

Kahit ngayon, ang Health Canada ay nagsusuri pa rin sa mga taong kumukuha ng kanilang mga bakuna upang tiyakin na walang ibang mga hindi kanais-nais na epektong lumilitaw. **Kung ang isang bagong hindi kanais-nais na epekto ay lumitaw, ito ay magiging napakabihira at hindi dapat maging dahilan ng sobrang pag-aalala.**

Ano ang “herd immunity (kawan ng kaligtasan sa sakit)” at paano ito gumagana?

Ang herd immunity ay nangangahulugan na ang **mga tao ay napoprotektahan mula sa virus ng hindi direkta.** Sa pamamagitan ng pagbabakuna ng maraming tao hangga’t magagawa namin, tinitiyak namin na ang mga taong hindi nabakunahan ay hindi makakakuha ng virus at hindi maaaring magkasakit mula dito. Sa palagay namin ang **pagbabakuna sa 70-80% ng mga tao ay hahantong sa kakayahang lumaban sa sakit para sa lahat at magbibigay ng herd immunity.**

Mayroong napakaraming impormasyon sa WhatsApp, Facebook, at iba pang social media. Paano ko malalaman kung ano ang tama?

Kumuha ng impormasyon mula sa isang pinagkakatiwalaang mapagkukunan, tulad ng iyong **doktor ng pamilya o nurse practitioner**, o sa online mula sa mga **website ng Pampublikong Kalusugan** (tingnan ang mga link sa ibaba).

Gaano katagal ako protektado?

Sa oras na ito, hindi namin alam kung gaano katagal kang magiging protektado pagkatapos ng isang bakuna.



Kung mayroon kang karagdagang mga tanong, maaari kang makipag-usap sa isang medikal na propesyunal na maaaring makapagbigay sa iyo ng mga karagdagang mapagkukunan at impormasyon. **Maaari mo ding bisitahin ang mga sumusunod na website ng Pampublikong Kalusugan:**

1. <https://covid-19.ontario.ca/covid-19-vaccines-ontario>
2. <https://www.canada.ca/en/public-health/services/diseases/coronavirus-disease-covid-19/vaccines.html>